



## ALAM MO BA?

Mahigit kalahati ng mga napayuhan ay bumili ng **bahay sa loob ng 1 taon.**  
- HUD Office of Policy Development and Research

## ANG PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY NA APRUBADO NG HUD AY ANG IYONG MAPAGKAKATIWALAANG RESOURCE.

Nagbibigay-daan sa mga consumer na gumawa ng mga mahusay na pagpapasiya sa pabahay. Ang pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay tumutulong sa mahigit isang milyong sambahayan bawat taon.



Ang pag-apruba ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay ay hindi gumagawa o nagpapahiwatig ng warranty o pag-eendorso ng HUD ng aprubadong ahensya o mga empleyado nito sa isang prospektibong kliyente o sa sinumang iba pang organisasyon o indibidwal. Nangangahulugan lang ang pag-apruba na ang ahensya ay nakatugon sa mga kwalipikasyon at kundisyong tinukoy ng HUD.



# MGA BUMIBILI NG BAHAY SA UNANG PAGKAKATAON PAGPAPAYO SA PABAHAY AT IKAW



OFFICE OF  
HOUSING COUNSELING  
[hud.gov/housingcounseling](http://hud.gov/housingcounseling)  
1-800-569-4287

## DITO NAGSISIMULA ANG TAHANAN

### PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA

- ▶ Magkano ang kaya mo para sa bahay
- ▶ Magkanong downpayment ang kakailanganin mo
- ▶ Ang proseso ng mortgage
- ▶ Pagbabadyet para sa iyong pagbabayad ng mortgage
- ▶ Ang dapat asahan sa pagsasara
- ▶ At higit pa!

Nakakasabik ang pagbili ng una mong bahay, ngunit maaari ring maging lubos na mahirap. Hindi kailangang mangyari ito. Narito kami para tulungan kang gawing totoo ang pangarap mo.

Magbasa pa upang matutunan kung bakit ang proseso sa pagpapalano ng pagbili ng bahay sa iyong ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay ang tamang pagkilos.

## TUTULUNGAN KA NAMING MAKARATING

### SINO ANG KWALIPIKADO PARA SA PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY

- ▶ Mga bibili ng bahay sa unang pagkakataon
- ▶ Mga kasalukuyang may-ari ng bahay
- ▶ Mga nangungupahan
- ▶ Lahat!

Magsisimula ang unang hakbang para sa bago mong bahay sa pagbisita sa iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD. Kapag natukoy mo na ang pagmamay-ari ng bahay ang tamang opsyon para sa iyo, tatalakayin sa iyo ng iyong tagapayo sa pabahay ang mga susunod na hakbang, gaya ng paghanap sa tamang bahay para sa iyo, pagpili ng nagpapautang, mga uri ng mortgage, at marami pang iba.


## PAANO KAMI MAKAKATULONG

### KUNG BAKIT PARA SA IYO ANG PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY NA APRUBADO NG HUD

- ▶ Nasa buong bansa kami!
- ▶ Libre o sa mababang halagang payo
- ▶ May karanasan, walang kinikilingan, mga propesyonal na tagapayo sa pabahay
- ▶ Nakikipagtulungan upang mahanap ang tamang bahay para sa iyo
- ▶ Makakuha ng mga tip sa pagbabadyet, protektahan ang credit, iwasan ang foreclosure at marami pang iba!

Mahalaga ang karunungan. Binibigyang-daan ka ng pakikipagtulungan sa iyong ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD na gawing positibong karanasan ang pagbili ng una mong bahay. Magkakaroon ka ng lahat ng kinakailangan upang gawin ang mga tamang pagpapasiya sa pagbili, at sa pagiging responsableng may-ari ng bahay.

## MGA TAGAPAYO SA PABAHAY SA BUONG BANSA



Isang paglalakbay ang daan patungo sa tahanan, ngunit hindi mo kailangang maglakad nang mag-isa. Upang matuto pa tungkol sa proseo ng pagbili ng bahay o makahanap ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD, bisitahin ang [hud.gov/housingcounseling](http://hud.gov/housingcounseling) or call 1-800-569-4287. Narito kami upang tulungan kang magkabahay!